

OPISYAL NA PAHAYAG

Abril 15, 2021

Kontak: Lungsod ng Long Beach, Opisyal ng Impormasyong Pangkomunidad , City of Long Beach Department of Parks, Recreation and Marine, 562.570.3233, Jane.Grobaty@longbeach.gov

Para Sa Agarang Pahayag

Iniulat ng Serbisyo sa Pangangalaga sa Hayop sa Long Beach ang Pagsiklab ng Distemper

Ang Serbisyo sa Pangangalaga sa Hayop sa Long Beach (Animal Care Services-ACS) ay inaabisuhan ang publiko ng isang kritikal na sitwasyong pangkalusugan sa mga hayop. Isang masidhing pagsiklab ng Distemper na nakaapekto sa higit na 38 raccoons at maaaring isang skunk ang nakitang pangunahin sa silangang lugar ng Long Beach.

Ang Distemper ay isang impeksyong viral na maaaring makahawa sa mga aso, mga rakun, mga skunk, mga soro, at malalaking mga pusa tulad ng leon at tigre. Ang bayrus ay hindi sanhi ng sakit sa mga pusa o tao. Sa lalawigan ng Los Angeles ang mga raccoon ay ang mga lokal na uri na pinagmulan na taguan ng distemper. Ang mga aso ay maaaring mahawahan ng distemper na bayrus mula sa direktang pakikipag-ugnayan sa isang may sakit na hayop o mula sa pagiging malapit sa isang nahawakan na hayop kapag ito ay nag-ubo o nagbahing. Ang bayrus ay maaari ring mailipat sa pamamagitan ng mga pinag-salang mangkok ng pagkain at tubig o iba pang mga bagay na nahawakan ng isang nahawahan na hayop. Ang mga tuta at hindi nabakunahan na mga aso ay nasa pinakamataas na peligro para sa impeksyon na may distemper.

Ang mga karaniwang palatandaan ng klinikal na distemper sa mga aso ay kinabibilangan ng: paglabas mula sa mga mata at/o ilong, lagnat, pag-ubo, pagkahilo, pagkabalisa, panginginig at mga seizure. Ang mga klinikal na palatandaan ay katulad sa mga rakono at ligaw na hayop. Sa kasalukuyan ay walang pang gamot para sa distemper kaya't ang pag-iwas sa sakit sa mga aso ay mahalaga.

Ibinahagi ng ACS ang sumusunod na payo para sa mga may-ari ng alagang hayop mula sa Kagawaran ng Pangkalahatang Pangkalusugan ng Lalawigan ng Los Angeles:

- **Magpabakuna ng distemper ang mga aso:** Ang mga tuta ay dapat makatanggap ng isang serye ng 2 o higit pang mga bakunang distemper sa pagitan ng edad na 2 at 4 na buwan. Ang bakuna ay dapat na maulit makalipas ang isang taon at pagkatapos ay ulitin kada tatlong taon habang buhay.
- **Protektahan ang mga Tuta:** Panatilihin ang mga tuta sa bahay na malayo sa mga di pamilyar na mga aso hanggang makumpleto nila ang serye ng pagbabakuna. Mag-ingat kapag nakikisalamuha sa mga aso sa mga lugar kung saan ang mga aso ay nagtitipon, tulad ng mga parke ng aso, daycare para sa mga aso, at mga pasilidad para sa paalagaan ng mga hayop.
- **Ilayo ang mga aso sa ligaw na mga hayop:** Huwag kailanman payagan ang mga aso na makipag-ugnayan sa mga ligaw na hayop.
- **Panatilihin ang Pagkain At Tubig ng alagang Hayop sa Loob ng Bahay:** Ang pagkain at tubig ng alagang hayop na naiwan sa labas ay nakakaakit ng mga ligaw na hayop na maaaring kumalat sa distansya sa mga aso.

Dapat iulat ng mga residente ang mga hinihinalang kaso ng distemper sa Long Beach Disease Reporting System sa longbeach.gov/vdrs upang makalap ang mga koleksyon ng mga data upang maibahagi sa Lalawigan ng Los Angeles.

Ang mga karagdagang impormasyon tungkol sa distemper at mga kasaysayan ng mga pagsiklab ng mga sakit sa mga hayop sa Lalawigan ng Los Angeles ay maikita sa: publichealth.lacounty.gov/vet/distemper.htm.

Ang mga katanungan sa midia ay maaaring idirekta kay Jane Grobaty, Opisyal ng Impormasyong Pangkomunidad, Lungsod ng Long Beach, City of Long Beach Departamento ng Parke., Recreation at Marine, 562.570.3233, Jane.Grobaty@longbeach.gov.

###